

# Ang Wikang Sebuano ng mga Meranaw: Tungo sa Pagbuo ng Bagong Barayti ng Wika

EDGELEN MARK A. DERAMA  
JOHN RICH F. SECHONG  
KEVIN ADAM D. ULJER  
CHEM R. PANTORILLA, M.A.

## Abstrak

Pangunahing layunin ng pag-aaral na masuri ang barayti ng wikang Sebuano na Sebuano-Mëranaw gamit ang *cross-languaging* ng mga Mëranaw sa paggamit ng wikang Sebuano batay sa piling mga domeyn pangwika sa Lungsod Iligan. *Purposive sampling* ang pamaraan sa pagkuha ng datos mula sa dalawang domeyn pangwika – ang Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT) at pampublikong pamilihan sa nabanggit na lugar. Nagpamudmod rin ng talatanungan tungkol sa pagkuha sa saloobing pangwika para maipaliwanag ang naturang penomeno ng interperensiya sa wika ng mga Mëranaw sa pagsasalita ng wikang Sebuano.

Mula sa mga datos na sinuri, may nangyayaring interperensiya sa wika ang mga Mëranaw sa pagsasalita ng wikang Sebuano sa aspektong ponolohikal at morpolohikal. May nagaganap na pagpapalitan ng posisyon sa diin ng mga Mëranaw sa mga salitang Sebuano rason upang magbago ang kahulugan ng salita batay sa konteksto nito. Ang sitwasyong pangwikang ito ay dulot ng pakikipamuhay ng mga Mëranaw sa Lungsod Iligan bilang mga negosyante at mga dayo na nag-aaral sa MSU-IIT. Ang mga babrayti na Sebuano-Mëranaw sa aspektong morpolohikal ay ang pagbabago sa mga kontraksyon sa Sebuano, deribasyon, reduplikasyon, pagkaltas o **clipping**, at paghahalo o **blending**.

Susing-salita: Interperensiya ng wika; Cross-Language, Saloobing pangwika; Sebuano- Mëranaw Wika; Barayti ng wika

---

Edgelen Mark A. Derama, John Rich F. Sechong, and Kevin Adam D. Uljer are BA in Filipino graduates of the Department of Filipino and Other Languages at CASS, MSU—Iligan Institute of Technology in 2019. Chem R. Pantorilla is an Associate Professor teaching Filipino language and literature at the Department of Filipino and Other Languages of CASS, MSU-Iligan Institute of Technology.

## I. Introduksyon

Sa proseso ng pagkatuto ng pangalawang wika, hindi maiiwasan na nadadala ang aspektong panlinggwistika ng unang wika sa pangalawang wika nang hindi namamalayan. Nagkakaroon ng paghahabi ng dalawang magkaibang wika at nabubuo ang kalituhan sa diwa o mensahe. Maituturing na isang suliranin ang ganitong sitwasyon lalo pa kung may malaking kaibahan sa aspektong gramatikal ang dalawang kasangkot na wika. Tinatawag ang nasabing sitwasyon na isang interperensiya sa wika. Sinabi ni Weinreich (1953) na penomenong interperensiya ito dahil nagkakaroon ng impluwensiya ang unang wika sa paggamit ng pangalawang wika. Nagdudulot ito ng paglihis sa paggamit ng wika mula sa itinuturing na tamang pamantayan gaya ng gramatikal at pagbabago sa aspektong ponolohikal, morpolohikal at iba pa. Ang ganitong pangyayari sa wika ay dulot sa sitwasyong bilinggwal/multilingwal ng nagsasalita at gayundin dahil sa pangangailangang makipag-ugnayan sa isang komunidad pangwika.

Ang interperensiya sa wika ay bunga sa proseso ng *cross-languaging*. Ang *cross-languaging* ay nangyayari kapag nagbabago ang pananalita ng isang tao at inaayon sa lugar na ginagamitan. Mula sa unang wika (L1), isinasantabi muna ito at nakapokus sa L2 na target na matutunan. Maaaring maiugnay din ang *cross-languaging* sa tinatawag na *interlanguage*. Ipinaliwanag naman ni Selinker (1992) ang *interlanguage* na sistematikong kaalaman ng pangalawang wika na hiwalay o independyente kapwa sa kanyang unang wika at target na wika. Ang interperensiyang pangwika naman ay maiuugnay sa pagkatuto sa pangalawang wika. May malaking papel na ginagampanin dito ang saloobing pangwika. Ito ay tugon o damdamin ng tao sa paggamit ng isang partikular na wika lalo na kung paano niya ito ginagamit sa lipunan. Haypotetikal na kontrak ito (Barker, 1992) na ginagamit sa pagpapaliwanag sa direksyon at tunguhin ng katangian ng tao. Nabubuo ang personalidad ng isang tao sa isang tiyak na wika para iayon sa kung sino at saan nagaganap ang komunikasyon. Maituturing na nag-iiba ang pananaw ng isang tao depende sa kung sino ang kausap.

Ang penomeno mula sa interperensiya sa wika at pagkakaroon ng saloobing pangwika ng isang nagsasalita ng pangalawang wika ipinapalagay sa pag-aaral na dahilan sa pagkaroon ng barayti ng wikang Sebuano nang ginagamit ito ng mga Mëranaw. Kaugnay ito sa paliwanag ni Semorlan (binanggit nina Santos et al., 2015) na sa penemonong ganito maaaring salik sa pagkakaroon ang lugar o tagpuan ng mga kalahok, relasyon, kasarian at maging ang rehiyon na kinaroroonan. Hindi na bago ang senaryong ito sa Pilipinas at mababakas ito kahit saang kapuluan sa bansa. Isang magandang halimbawa rito ang

sitwasyon sa Lungsod Iligan. Dala ng kahingian ng paligid, kailangang matutunan ng mga Mëranaw ang wikang Sebuano upang magkaroon ng komunikasyon sa mga tao hindi lamang sa partikular na domeyn na kinabibilangan pati na sa buong Lungsod Iligan. Kilala ang lungsod na Sebuano ang lingua frankang ginagamit dahil karamihan sa mga naninirahan sa siyudad ay mga Sebuwano. Ang sitwasyong pangwika na ito ang nagtulak upang pag-aaralan ang kaso ng *cross-languaging* o interperensiya sa wika ng mga Mëranaw sa paggamit ng wikang Sebuano sa piling mga domeyn pangwika. Ninais din ng pag-aaral na patunayan na lumilikha ang sitwasyong ito ng panibagong barayti ng wikang Sebuano na tinatawag sa papel na ito na Sebuano-Mëranaw.

## II. Metodolohiya

Ginamit ang kwalitatibo-kwantitatibong disenyo. Deskriptibo-analitiko na pamaraan naman ang batayan sa pagsusuri ng mga datos. Isinagawa ang pag-aaral sa Lungsod Iligan. Dalawang domeyn na pangwika ang lugar na pinagkunan ng datos: ang palengke at ang paaralan. Sa palengke, pokus lamang ng mga mananaliksik ang Pala-o Public Market samantala sa pamantasan naman pinili ang MSU-IIT. *Purposive sampling* na metodo na ginamit sa pangangalap ng datos partikular na ang *maximum variation sampling*. Ang uri ng sampling na ito ay tumitingin sa sentrong prinsipyo ng mga kalahok ukol sa partikular na talakayan.

May dalawang bahagi ang pag-aaral na ito. Una, gumamit ng talatanungan upang tugunan ang layunin tungkol sa pag-alam sa saloobing pangwika ng mga respondente. Pumili ang mga mananaliksik ng tigtatatlumpong respondenteng Mëranaw sa bawat domeyn at ipinamudmod ang talatanungan na inihanda para sa pagkuha ng kanilang saloobing pangwika. Sa kabilang banda naman, ang ikalawang bahagi ay pagbatid sa penomeno ng interperensiyang pangwika na dulot ng *cross-languaging*. Isinagawa ito sa pamamagitan ng pagrekord sa kombersasyon na ginagawa ng mga respondent ayon sa kinabibilangang domeyn sa wika. Nagpaalam sa mga respondente ang mananaliksik na magsagawa ng pagrekord sa kombersasyon nila. Gayunpaman, ipinaliwanag na hindi ito ipaalam kung kailan upang makuha ang natural na paggamit nila ng wika. Isinatitik ng mga mananaliksik ang kanilang kombersasyon upang makita ang interperensiya sa wika sa bahaging morpolohikal. Pinakinggan din nang mabuti ang pagsasalita ng mga Mëranaw ng wikang Sebuwano upang makita ang ponolohikal na aspeto ng Sebuwano na sinasalita ng mga Mëranaw.

### **III. Ang Kaso ng mga Mëranaw Batay sa Usapin ng Saloobing Pangwika**

Pinaliwanag nina Agheyisi at Fishman (1970) na nahuhubog ang attityud pangwika ng tao dahil sa karanasan at impluwensyang nakukuha upang matamo ang katangiang panlinggwistiko ng lugar na kinabibilangan. Bunga ng pagbabago sa saloobing pangwika ang pagbunsod ng pagbabago at diskriminasyon sa naunang wikang nakasanayan. Hindi malayo ang posibilidad sa isang tao na hindi akuin ang tunay na pagkakilanlan dahil sa panibagong natutunan na wika. Malaki ang gampanin ng katangiang pangwika ng isang indibidwal upang mahubog ang pananaw sa mismong target na wika na nagsilbing lunsaran ng pagpasok ng bagong pananaw at pagkakilanlan.

Magandang representasyon nito ang sitwasyon ng mga Mëranaw sa Lungsod Iligan. Bilang mga minoridad sa nasabing lugar, kinakailangang matutunan ang lingua franka na Sebuano bilang anyo ng pakikitagpo sa mga mamamayan dito. Maaaring ang paghubog sa unang wika ng tao ay nadadala sa kung paano ginagamit ang pangalawang wika. Dahil dito, mainam na tingnan kung anong saloobing pangwika ang maoobserbahan sa mga Mëranaw na maaaring sanhi ng pinag-ugatan ng interperensiya sa wika.

**Persepsyon ng mga Mëranaw sa Paggamit ng Sariling Wika Ayon sa Domeyn na Palengke (Domeyn 1) at Domeyn na Paaralan (Domeyn 2)**

Persepsyon	Sang-Ayon				Hindi Sigurado				Hindi Sang-ayon			
	Domeyn 1		Domeyn 2		Domeyn 1		Domeyn 2		Domeyn 1		Domeyn 2	
	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%
Nananatili ang tradisyunal na kultura kahit walang tradisyunal na wika.	21	70	13	43.3	6	20	9	30	3	10	8	26.7
Ang pagpapanatili ng maging malakas ang sariling wika ay mahalaga sa akin.	26	86.6	26	86.7	3	10	2	6.6	1	3.3	2	6.6
Kailangang ituro sa paaralan ang tradisyunal na mga wika.	28	93.3	26	86.7	1	3.3	4	13.3	1	3.3	0	0
Nais mong higit na matutunan ang sariling wika.	26	86.7	29	96.6	4	13.3	1	3.3	0	0	0	0
Mahalaga para sa mga tagapagsalita ng sariling wika na ipamana ang kaalaman ng kanilang wika sa susunod na henerasyon.	29	96.7	29	96.6	0	0	0	0	1	3.3	1	3.3
Bahagi ng aking pagkakilanlan ang gamit ng sariling wika bilang parte ng isang etnikong grupo	25	83.3	29	96.6	4	13.3	0	0	1	3.3	1	3.3
Nakapagpapaangat ng pagkatao ang paggamit ng sariling wika.	29	96.7	24	80	1	3.3	6	20	0	0	0	0
Tanging mga Mëranaw	12	40	8	26.6	12	40	15	50	6	20	7	23.3

Persepsyon	Sang-Ayon				Hindi Sigurado				Hindi Sang-ayon			
	Domeyn 1		Domeyn 2		Domeyn 1		Domeyn 2		Domeyn 1		Domeyn 2	
	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%
lamang ang magtuturo ng sariling wika.												
Mahalaga ang kamakailan lang natutunan na wika kaysa sa sariling wika.	12	40	8	26.6	12	40	17	56.6	6	20	5	16.6
Kontento ako sa kakayahan ng aking pagsasalita ng wikang Meranaw	11	36.7	17	56.6	12	40	10	33.3	7	23.3	3	10

**Persepsyon ng Mga Meranaw sa Paggamit ng Pangalawang Wika Ayon sa Domeyn sa Palengke (Domeyn 1) at Domeyn na Paaralan (Domeyn 2)**

Persepsyon	Sang-Ayon				Hindi Sigurado				Hindi Sang-ayon			
	Domeyn 1		Domeyn 2		Domeyn 1		Domeyn 2		Domeyn 1		Domeyn 2	
	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%
Dapat kong matutunan ang Wikang Sebuano	22	73.3	25	83.3	6	20	4	13.3	2	6.6	1	3.3
Malaki ang epekto ng wikang Sebuano sa aking pang-araw-araw na buhay.	18	60	26	86.6	9	30	2	6.6	3	10	2	6.6
Nais ko pang matutunan ang wikang Sebuano.	26	86.7	27	90	4	13.3	2	6.6	0	0	1	3.3
Nagagamit ko ang wikang Sebuano nang tama ayon sa sistemang gramatikal.	13	43.3	10	33.3	3	10	15	50	14	46.7	5	16.6
Hindi mo inaalala ang tamang gamit	22	73.3	22	73.3	6	20	3	10	2	6.7	5	16.6

Persepsyon	Sang-Ayon				Hindi Sigurado				Hindi Sang-ayon			
	Domeyn 1		Domeyn 2		Domeyn 1		Domeyn 2		Domeyn 1		Domeyn 2	
	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%	Blg	%
ng wikang Sebuano basta't naiintindihan ng iyong kausap ang mensahe.												
Mahirap para sa akin na matutunan ang wikang Sebuano.	13	43.3	16	53.3	8	26.7	5	16.6	9	30	9	30

### Paraan ng Pagkatuto ng Mëranaw sa Wikang Sebuano

Pamamaraan	Domeyn Pangwika			
	Palengke		Paaralan	
	Blg.	%	Blg.	%
Sa Paaralan	4	13.33	13	43.33
Sa mga seminar tungkol sa wikang Sebuano	0	0	0	0
Sa mga libro	5	16.67	0	0
Sa telebisyon	1	3.33	0	0
Sa mga taong kausap	19	63.34	17	56.67
Hindi Tiyak	1	3.33	0	0
Kabuuan	30	100	30	100

### Sapat na Kaalaman sa Wikang Sebuano

Tugon	Domeyn Pangwika			
	Palengke		Paaralan	
	Blg.	%	Blg.	%
Oo	7	23.33	10	33.33
Hindi	14	46.67	13	43.34
Hindi Tiyak	9	30	7	23.33
Kabuuan	30	100	30	100

#### IV. Implikasyon ng Saloobing Pangwika ng mga Mëranaw

Batay sa datos na inilahad sa mga talahanayan, mahihinuha na bihasa ang mga Mëranaw sa paggamit ng kanilang unang wika. Nagpapakita rin na malaki ang kaugnayan ng pagbuklod ng saloobing ito dahil sa mismong pamilya na naging sandalan sa pagkatuto ng wika. Mula sa persepsyon ng mga Mëranaw sa unang wika, makikitang may magandang pagtugon at kakintalan sa mga respondente ang wika kung kaya't lumabas sa dalawang domeyn na kapwa sang-ayon ang may pinakamalaking porsiyento ng respondente sa tatlong tugon na pinagpipilian. Sa usapin naman tungkol sa persepsyon sa pangalawang wika, mababakas ang negatibong imahe sa persepsyon ng mga Mëranaw tungkol sa wikang Sebuano. Mapapansin mula sa mga persepsyon na isa itong panggigiit ng negatibong ideya tungkol sa wikang Sebuano at lumabas mula sa sarbey na malaki ang porsiyento ng pagsang-ayon ng mga Mëranaw sa mga persepsyong nabanggit. Ibig sabihin, ang sang-ayon na pagtugon ay representasyon ng isang pag-igting ng suliranin sa pagkatuto ng pangalawang wika. Samakatuwid, inihahayag lamang nito na maaaring nagiging daluyan ito sa pagpasok ng barayti ng wikang Sebuano dahil sa penomenong nagaganap sa saloobing pangwika. Kaya lumabas din ang resulta na kadalasang natatamo ng mga Mëranaw ang kaalaman sa wikang Sebuano sa taong kausap, kahingiang panghanap-buhay, at migrasyon nila mula sa kanilang probinsya patungo sa Lungsod Iligan. Kapwa ang dalawang domeyn ay nagpahayag ng parehong kaisipan tungkol dito. Mula sa saloobin ng mga Mëranaw, hindi prayoridad nila ang paggamit ng wikang Sebuano ngunit hindi nila kailangan nila itong gamitin dahil sa iba-ibang pagkakataon gaya na lang sa loob ng paaralan na Sebuano ang linggwa franka at lalo na sa kanilang negosyo na madalas Sebuano na tagapagsalita ang kanilang kliyente.

Bilang paglalahat, masasabing malaki ang epekto ng sikolohikal na aspekto ng tao sa pagkatuto ng isang bagay. Sa kasong pangwika, malaki ang ipinapakitang epekto ng saloobing pangwika upang matutunan ang isang partikular na lenggwahe. Maaari na ang bunga ng saloobin ay positibo o negatibo depende sa kung paano nito tinatanaw ang wika. Kung babalikan ang nagaganap sa lungsod ng Iligan, nabibigyang empasis lamang nito na malaking salik ang saloobing pangwika tungo sa interperensiyang penomino sa wika na magrteresulta sa isang panibagong barayti ng wika.



## V. Ang Interperensiya ng Wika sa Sebuwano-Mëranaw: Pagbabago sa Posisyon ng Diin

Mula sa mga nakuhang datos, maoobserba ang pagpasok ng ponolohikal na interperensiya ng wikang Mëranaw sa wikang Sebuano. Sa pag-aaral ni Garcia (2014), may limang paraan ng pagdidiin ang mga Sebuano: ang *panultimate stress*, *penultimate with glottal end*, *end stress*, *end stress with glottal end at double stress with glottal end on both syllables or on the second or third and last syllable*. Tinatawag na *penultimate stress* kapag ang puwesto ng diin ay nasa penultimang pantig. Gayunpaman, nang ginagamit ng Mëranaw sa pagsasalita ang wikang Sebuwano, nagkakaroon ng pagbabago ang diin nito. Pansinin sa ibaba:

### Diin sa Penultima

Mga Salitang may Diin sa Penultima	Sebuano	Mëranaw
Nimo	[ni:mo]	[nimo:]
Pangutana	[panguta:na]	[pangtana:]
Magamit	[maga:mit]	[magami:t]
Patan-aw	[pata:n-aw]	[patan-a:w]
Pares	[pa:res]	[pare:s]

Makikita sa talahanayan ang salitang may penultimang diin at inihanay ito base sa paraan ng pagbigkas sa Sebuano at kung anong resultang lumabas mula sa paggamit nito ng mga Mëranaw. Lumalabas mula sa ipinakitang resulta na nagkakaroon ng paglilipat ang diin sa penultima patungo sa huling pantig. Halimbawa sa unang salita sa talahanayan, mapapansin na imbes na nasa unang pantig ng salita ang diin ay nababago at napupunta sa huling pantig kaya ang *tela[téla]* na katulad sa wikang Filipino na tela ay nagiging *Tela[telá]*. Gayundin ang nangyayari sa mga salitang *Nimo[ni:mo]*, *Pangutana[panguta:na]*, *Magamit[maga:mit]*, *Patan-aw[pata:n-aw]*, at *Pares[pa:res]* na naging *[tela:]*, *[nimo:]*, *[pangtana:]*, *[magami:t]*, *[patan-a:w]*, at *[pare:s]*. Samakatuwid, mula sa patern na nabuo sa sa mga salitang inihanay, nagkakaroon ang mga Mëranaw ng pagbabago ng diin at naililipat ito sa hulihang bahagi ng salita.

### Diin sa Penultima na May Impit na Tunog sa Huli

Mga Salita	Sebuano	Mëranaw
Dili	[di:liʔ]	[dili:ʔ]
Bata	[ba:taʔ]	[bata:ʔ]
Suka	[su:kaʔ]	[suka:ʔ]

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa pagbabago ng wikang Sebuano sa paggamit ng mga Mëranaw. Kapansin-pansin na kagaya ng naunang inilatag na mga salita, nagkakaroon ng pagpapalitan ng posisyon ng diin sa salita. Natuklasan ng mga mananaliksik ang penultimang diin ay napupunta sa huling bahagi ng salita (huling pantig). Halimbawa sa mga inihayag na mga salita, maaaring magkatulad ang paraan ng pagbababaybay ngunit nagkakaiba lamang sa diin. Samakatuwid ang nagaganap ding penomeno sa diin sa penultima na may impit o glottal ay katulad din sa nangyari sa unang uri ng pagdidiin (diin sa penultima).

### Diin sa Huling Pantig

Mga Salita	Sebuano	Mëranaw
Salabat	[salaba:t]	[sala:bat]
Relo	[relo:]	[re:lo]
Mani	[mani:]	[ma:ni]
Padulong	[padulo:ng]	[padu:long]
Palitan	[palita:n]	[pali:tan]
Kabalo	[kabalo:]	[kaba:lo]
Nabilin	[nabili:n]	[nabi:lin]
Isa	[isa:]	[i:sa]
Nara	[nara:]	[na:ra]

Ipinakita sa talahanayan ang ilan sa mga makikitang halimbawa ng mga diin na nasa huling pantig. Iginigiit ng mga datos na nais pabulaanan ng mga tagapagsalita na may namumuong pagbabago sa pagdidiin ang mga Mëranaw. Sa kaso ng mga salitang nasa itaas, masasabing nagkakaroon na naman ng maling posisyon ang mga diin. Kung sa mga unang pagsusuri ay nakitaan ng paglilipat ng diin mula sa penultima patungo sa huling pantig, sa kasong ito ang diin na dapat nasa huling pantig ay nalilipat sa penultima ng salita. Halimbawa na lamang ang salitang Salabat na imbes na binibigkas ng [salaba:t] ay nagiging [sala:bat]. Naipasok ang diin sa penultimang pantig at hindi sa huling pantig. Ganito rin ang

sitwasyong nangyayari sa mga sumusunod na mga salita: ang Relo[relo:], Mani[mani:], Padulong[padulo:ng], Palitan[palita:n], Kabalo[kabalo:], Nabilin[nabili:n], Isa[isa:] at Nara[nara:] ay nagiging [re:lo], [ma:ni], [padu:long], [pali:tan], [kaba:lo], [nabi:lin], [i:sa] at [na:ra].

**Diin sa Huling Pantig na May Impit o Glotal**

Mga Salita	Sebuano	Mëranaw
Dako	[dako:ʔ]	[dákoʔ]
Wala	[wala:ʔ]	[wa:laʔ]
Lami	[lami:ʔ]	[la:míʔ]
Suga	[Suga:ʔ]	[Su:gaʔ]

Makikitang nalilipat ng mga Mëranaw ang psosiyon mula sa huling pantig ay napupunta ang diin sa penultima na bahagi ng salita. Kung titingnan ang halimbawa sa itaas, imbes na maging [dako:ʔ] ang paraan ng pagbigkas ay nagiging [da:koʔ] na sa mga Mëranaw. Nananatili pa rin ang posisyon ng glottal ngunit nagbabago na ang posisyon ng diin. Ito rin ang penomenong nangyayari sa mga salitang *Wala*, at *Suga* na sa halip na maging [wala:ʔ] at [suga:ʔ] ay naibibigkas ng mga Mëranaw na [wa:laʔ] at [su:gaʔ]. Kaiba ang nagiging sitwasyon ng salitang Lami. Mapapansin na nasa tamang posisyon pa rin ang diin ngunit nawawala na ang impit o glottal ng salita. Malaki ang impak na bawat elementong nakapaloob sa bawat salita at parte nito na dapat isaalang-alang ang impit kung kaya't nagkakaroon nang malaking pagkakaiba ang isang salita kapag walang impit o glottal. Dahil dito, masasabing ang nagaganap sa salita ay isa pa ring pagbabagong maituturing dahil sa halip na [lami:ʔ] na may glotal ay nagiging [la:miʔ] na ito at nawawala na ang glottal.

**Salitang May Dalawang Diin**

Mga Salita	Sebuano	Mëranaw
Dugay-dugay	[duga:y-duga:y]	[du:gay-du:gay]
Adlaw-adlaw	[a:dlaw-a:dlaw]	[adla:w-adla:w]
Pares-pares	[pa:res-pa:res]	[pare:s-pare:s]
Lakaw-lakaw	[laka:w-laka:w]	[la:kaw-la:kaw]

Mula sa mga datos, lumalabas na nagkakaroon din ng pagbabago sa mga salitang nakalatag sa paggamit ng mga Mëranaw ng mga salitang Sebuano na hindi naaayon sa paraan ng paggamit ng mga Sebuano. Makikitang ang mga salitang [duga:y-duga:y], [a:dlaw-a:dlaw] at [pa:res-pa:res] ay naibibigkas ng [du:gay-du:gay],

[adla:w-adla:w] at [pare:s-pare:s]. Makikitang ang salitang lakaw-lakaw, imbes na bibigkasin ng [laka:w-laka:w] ay nagiging [la:kaw-la:kaw]. Sa sistema ng wikang Sebuano, nagkakaroon ng iba-ibang kahulugan ang salita depende sa posisyon ng diin.

## VI. Istrukturang Leksikal sa Wikang Sebuano na Naging Sebuano – Mëranaw

Mula sa mga naitranskrayb na mga datos, nakitaan ng interferens sa wika ang pagsasalita ng wikang Sebuano ng Mëranaw sa aspektong morpolohikal partikular na ang leksikal aytem na nabubuo. Mula sa nakuhang impormasyon sa nairekord na mga boses, tanaw sa bawat salita ang maling istruktura na maituturing na hindi naaayon sa paraan ng paggamit sa wikang Sebuano. Mula sa dalawang domeyn, ito ang ilan sa mga salitang nakitaan ng pagbabagong leksikal.

### a. Kontraksyon sa Sebuano

Kakikitaan ng maraming bilang ng kontraksyon ang mga salitang Sebuano. Ito ang pagpapaikli ng mga salita upang mapadali ang pagbibigkas na ayon nga kay Marking (2005) kakaiba ito sa mga kontraksyon sa wikang Ingles.

Sebuano kontraksyon	Orihinal na Anyo	Mëranaw
Gyud	Gayud	Jud at Dyud
Murag	Mura ug	Murad
Nará	Naa ra	Nara

Makikita na mayroong pagbabago sa mga Sebuano na kontraksyon na dulot ng mga pagbabagong morpoponemiko kung susuriin. Nagiging *dyud* sa Mëranaw ang kontraksyon sa Sebuano na *gyud*. Sa pagsusuri ng mga mananaliksik, nagkakaroon muna ng **deletion** o pagkakaltas ng ponema sa nasabing salita na sinundan ng **epenthesis** ngunit kaiba ang proseso alinsunod sa pagpapakahulugan ni Marking (2005). Sa kabila ng pagpapakahulugan sa dalawang pagbabagong morpoponemiko sa wikang Sebuano, kakaiba ang nangyayaring **deletion** at **epenthesis** sa mga Mëranaw. Nagkakaroon ng pagkakaltas ng ponemang /g/ at /y/ sa salitang *gyud* kahit hindi nilalapan na sinundan ng pagdaragdag ng isang ponemang /j/ bilang pamalit sa kinaltas na mga ponema na humantong sa salitang *jud*. Ganoon din ang nangyari sa *murag* na naging *murad* at *nará* na naging *nara*.

### b. Deribasyon

Nakitaan ng deribasyon ang mga salitang ginamit ng mga Mëranaw na kaiba o wala sa Sebuano. Ayon kina O’Grady at Archibald (2016) “**derivation uses an affix to build a word with a meaning and/or category distinct from that of its base.**” Nagbabago ang kategorya ng salita sa depende sa paglalapi.

<b>Hiram sa Ingles – Kategorya</b>		<b>Mëranaw – kategorya</b>
Protection – pangngalan		Maka-protection – pandiwa
Protection – pangngalan		Naka-protection – pandiwa
Experience – pangngalan		Ma-experience – pandiwa

Sa mga inilahad, nagiging pandiwa ang mga hiram na salita sa Ingles na pangngalan. Nagiging pandiwa na nasa aspektong panghinaharap o kontemplatibo ang hiram na salitang **protection** nasa pangngalan na kategorya nang lapian ito ng unlaping *maka-*. Samantala nasa aspektong pangnakaraan o perpektibo naman ito nang lapian ng unlaping *naka-* ang nasabing hiram na salita. Sa kabilang dako, ang hiram na salitang **experience** na nasa katulad ding kategorya na pangngalan, ay nagiging pandiwa rin nang lapian ng unlaping *ma-* na nasa aspektong panghinaharap. Nagiging katulad ngayon sa sinabi nina Santos et al. (2015) ang ganitong pangyayari sa mga Mëranaw na ginawang pandiwa ang isang pangngalan na **protection** at **experience**. Nangangahulugan ito ngayon na nagiging pandiwa ang mga hiram na salitang nasa kategorya ng pangngalan sa paggamit ng mga Mëranaw. Kung susuriin sa ibang anggulo ang mga nabanggit, isang magandang pagtutuonan ng diskusyon ang paglalapi ng mga salita. Pagbabagong matatawag ang pagkakabuo ng mga salitang “*maka-protection, naka-protection, at naka-protected*” dahil nagkakaroon ng hindi tamang paggamit ng mga salita maging sa paraan ng paglalapat ng mga panlapi.

### c. Reduplikasyon

Mayroon ding pag-uulit ng salita ang Sebuano ngunit buong salita ang inuulit at hindi isang pantig o bahagi lamang ng salita.

<b>Sebuano</b>	–	<b>Mëranaw</b>
Ninuno	–	Ninununo
Maghubog-hubog	–	Maghuhubog
Ikuan	–	Ikukuan

Sa *ninununo*, nagkakatoon ng pag-uulit ng pantig sa loob mismo ng salitang-ugat na *ninuno*, sa midyal na bahagi. Sa kaso naman ng *maghuhubog*, ang unang pantig ng salitang *hubog* ang inulit kapareho sa sumunod na salitang *ikukuan*. Sang-ayon sa sinabi Rubrico (1998) na maaring ang SU (salitang-ugat) o Derayv sa pamamagitan ng afikasyon, reduplikasyon, o kombinasyon ng dalawa o higit pang salita. Sa pinakitang halimbawa ni Rubrico ukol sa reduplikasyon, puro ganap na pag-uulit ang na binigay na halimbawa sapagkat wala ngang pag-uulit na paryal sa wikang Sebuano.

#### d. Pagkakaltas o Clipping

Ayon kina O’Grady at Archibald (2016), **Clipping is a process that shortens a polysyllabic word by deleting one or more syllables.** Nagkakaroon ng pagkakaltas ng mga pomena at/o pantig sa loob ng salita upang mapadali at mapaikli ang pagbigkas nito. Sang-ayon sa sinabi ni Marking (2005) na nangyayari ito sa wikang Sebuano upang mapadulas at mapadali ang pagbibigkas ng mga salita.

<b>Sebuano</b>	–	<b>Mëranaw</b>
Unya	–	Nya
Kana	–	Ana

Nagkakaroon ng pagkakaltas ng ponema na nangyayari sa proseso ng pagsasalita ng mga Mëranaw tulad ng *unya* sa Sebuano na nagiging *nya* sa mga respondente. Nawala o kinaltas ng ponemang /u/. Kaiba ito sa kontraksyon na isang pantig at kinaltas sa isang salita tulad ng *di* mula sa *dili* at maaring isang ponema lamang ang kinakaltas kung ikukunekta ang isang pang-ugnay tulad ng *murag* mula sa *mura ug*. Ganito rin ang nangyayari sa *kana* na kinaltas ang ponemang /k/ nang gamitin ang salita ng mga Mëranaw. Masasabi ngayon na iba ang proseso na nangyayari sa pagbabawas o clipping ng mga Mëranaw kumpara sa clipping ng mga Sebuano sanhi ng varyasyon ng dalawang wika. Kaiba rin ito sa **deletion** sa wikang Sebuano dahil nga sa hindi naman pandiwa ang mga nasabing salita at hindi rin pinal na tunog na patinig ang tinanggal tuwing nilalapan.

#### e. Paghahalo o Blending

Kinakitaan ng paghahalo ng salita ang mga Mëranaw sa pakikipagkomunikasyon. Pinag-isa ang tatlong salita na Sebuano. Ayon kina O’Grady at Archibald (2016), **“blending creates words from non-morphemic parts of two already existing items, usually the**

**first part of one and the final part of the other.”** Ito yaong pagsasama ng dalawa o higit pang salita na mayroong kinaltas sa unang salita at/o pangalawang salita o at maaari ring nag-overlap ang isang ponema kapwa ng dalawang salita tulad ng **zeroil**.

### **Pariralang Sebuano may Contraction Blending ng Mëranaw**

Naa na na	–	Nanana
Kuan na na	–	Kuanana

*Nana na kana* ang **expanded word** ng *naa na na*. Sanhi ito ng pagpapaikli upang mapadali ang pagsasalita dulot ng pagkamalikhain ng tao. Karaniwang ginagamit ng mga Sebuano ang *naa nana* saan nagkakaroon ng kontraksyon sa loob ng parirala. Nagiging *Nanana* na ito ng gamitin ng mga Mëranaw. Kinalatas ngayon sa salitang ito ang ponemang /a/ at saka ikinabit sa kontraksyon na *na na* na nagreresulta sa pagkabuo ng isang panibagong salita mula sa parirala. Samantala overlapping naman ang nangyari sa *Kuanana* saan nag-overlap o ginawang tulay ang ponemang /n/ upang maikonekta sa kontraksyon na *nana*.

## **VI. Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral, may barayti ng wika dahil sa pagbabago ng wikang Sebuano ng mga Mëranaw sa Lungsod ng Iligan. Malaki ang kaugnayan ng saloobing pangwika sa proseso ng pagyakap ng isang indibidwal sa panibagong wika na nakita sa sitwasyon ng mga Mëranaw sa siyudad ng Iligan ukol sa pagkatuto ng wikang Sebuano. Ang isa sa mga dahilan ng pagdayo ng mga Mëranaw sa lungsod Iligan ay may kaugnayan sa kanilang pagpapalawak ng kaalaman gaya ng pag-aaral sa MSU-IIT at paghahanap buhay. Karamihan sa mga respondent ay may negosyo sa nabanggit na lungsod. Kaya, malinaw na implikasyon ito sa kanilang saloobin sa wikang Sebuano. Ibig sabihin, ang kanilang paggamit ng wikang Sebuano ay nakaugat sa kanilang tunguhin sa buhay. Ginagamit lamang nila ito kapag kailangang makipag-ugnayan sa hindi mga Mëranaw subalit kung nasa loob ng bahay, kapwa Mëranaw ang kaharap at kausap kanilang wika ang ginagamit. Bunga nito, ang kanilang pagkatuto sa wikang Sebuano ay madalas hindi pormal at hindi mula sa pagtuturo ng wika bilang isang subjek sa paaralan. Kung gayon, ang penomeno na ito ang naging sanhi upang mabuo ang impluwensiya ng wikang Mëranaw sa pagsasalita nila ng wikang Sebuano. Nagkakaroon ng barayti ng Sebuano na makikita sa sumusunod na mga salik:

pagposisyon ng diin sa mga salitang Sebuwano at pagkakaroon ng pagbabagong leksikal na istruktura.

Lumabas na sa pagsasalita ng mga Meranaw ng Sebuwano nagkakaroon panibagong barayti ang wikang ito buhat ng penomenong nangyayari sa pagitan ng ugnayan ng unang wika sa pagkatuto ng pangalawang wika. Isa itong pagdidikta ng pag-unlad ng wika sa nasabing lungsod. Mula rito, hindi maipagkakailang ang pagbabagong nagaganap sa isang wika ay nagbunsod sa panibagong anyo ng wika na maaaring yayabong pa sa paglipas ng panahon.

### MGA SANGGUNIAN

- Agheyisi, Rebecca, and Joshua A. Fishman. "Language attitude studies: A brief survey of methodological approaches." *Anthropological linguistics* (1970): 137-157.
- Banawa, M. J. D., Hufana, N.L., at Santos, A.L. *Kultura at Lipunang Pilipino*. Mutya Publishing House, Inc. Malabon City. (2016).
- Barker, Chris. "Possessive descriptions." (1992): 2124-2124.
- Blanc, Michel. *Bilinguality and bilingualism*. Cambridge: Cambridge University Press, 1989.
- García, Ofelia, and Li Wei. "Language, bilingualism and education." *Translanguaging: Language, bilingualism and education*. Palgrave Macmillan, London, 2014. 46-62.
- Garvin, Paul L., and Madeleine Mathiot. "The urbanization of the Guarani language: a problem in language and culture." *Readings in the Sociology of Language* (1968): 365-374.
- Herbito K.R. *Mbitiy Arae Tano: Ang Paghahabi ng Wikang Maranao at Wikang Filipino sa Oral na Komunikasyon*. Mindanao State University - Iligan Institute of Technology. (2011).
- Holmes, Janet. *An introduction to sociolinguistics*. Routledge, 2013.
- Lobel, Jason William. "Philippine and North Bornean languages: Issues in description, subgrouping, and



reconstruction." *Unpublished Ph.D. dissertation. Honolulu: Department of Linguistics, University of Hawai'i* (2013).

Marking, T. *Cebuano Study Notes*. 2005.

Nkosi D. *Language Variation and Change in a Soshanguve High School*. University of South Africa. (2008).

NURFATIMAH, EVA. "ENGLISH WORD BLENDS." (2012).

O'grady, William, and John Archibald. *Contemporary linguistic analysis: An introduction*. Pearson Canada, 2015.

Santos et al. *Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon*. Mutya Publishing House, Inc. Malabon City. 2015.

Santos et al. *Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Wikang Filipino at Iba Pang mga Wika at Wikain*. 2016.

Gass, Susan M., and Larry Selinker, eds. *Language transfer in language learning: Revised edition*. Vol. 5. John Benjamins Publishing, 1992.

Weinreich, U. *Languages in Contact.*, New York: Linguistic Circle of New York. 1953.